# MAKISANGKOT, MAGING LIGTAS

## Iwasan ang Pang-aabuso sa Matatandang Beterano




**Pwedeng mangyari ang pang-aabuso sa matanda sa kaninuman at mas karaniwan ito kaysa sa inaakala mo.** Nangyayari ito kapag sinasadyang saktan ang isang matanda o pinapabayaan. Ang nang-aabuso ay posibleng kapamilya, kaibigan, o tagapangalaga. Pwede ring mga estranghero ang nang-aabuso na kumokontak sa matatanda sa telepono, email, liham, social media, o sa internet.

## Alamin ang mga Pang-i-scam sa Matatandang Beterano

**Pananamantala sa Benepisyo –** Ina-access ng mga scammer ang mga benepisyo ng Beterano sa pamamagitan ng paniningil ng fee para sa mga libreng rekord, o pag-aalok ng cash payout kapalit ng pangongolekta ng mga benefits payment sa hinaharap. VA link.

**Mga Scam sa Trabaho –** Naglalagay ang mga scammer ng mga pekeng employment ad na may layuning nakawin at ibenta ang personal na impormasyon ng Beterano.

**Mga Charity Scam sa Beterano –** Nagkukunwaring charity ang mga scammer para mangolekta ng donasyon para sa sarili nila. Pwede mong i-check ang isang charity sa www.charitynavigator.org o www.charitywatch.org bago magbigay.

**Mga Unethical Advisor –** Pwedeng mag-alok ang mga scammer na galawin ang mga asset mo para maging kwalipikado sa benepisyo ng VA, paglaanan ka ng serbisyong pangangalaga sa bahay para pataasin ang medical expense deduction mo o singilin ka ng fee sa pag-file ng claim mo. Hindi ka kailanman sisingilin ng VA at mga accredited agent sa pagpa-file ng claim.

**Pagkukunwaring VA –** Tumatawag ang mga scammer sa mga Beterano at nagkukunwaring nagtatrabaho sa VA para magnakaw ng personal na impormasyon tulad ng mga numero ng social security. Hindi manghihingi ng personal na datos ang VA sa telepono, text, o email.



**MAKISANGKOT, MAGING LIGTAS**

**Iwasan ang Pang-aabuso sa Matatandang Beterano**

## Umaksyon Para Protektahan ang Sarili Gamit ang mga Tip na ito

Nakakasamâ sa iyong katawan, isip, mga relasyon, o pananalapi kapag nakaranas ka ng pang-aabuso sa matanda. Narito ang ilang tip para maiwasan ang panganib sa iyo.

**KUMONEKTA** sa mga programang para sa Beterano para sa suporta at tulong.

**MAKIPAG-USAP** tsa isang mapagkakatiwalaan mo kung nag-aalala ka sa kaligtasan mo o pakiramdam mong inaabuso ka.

**MATUTO** tungkol sa mga uri ng scam sa pera sa consumer.ftc.gov/scam-alerts.

**HUMANAP NG TULONG** para sa PTSD, adiksyon, o mga isyu sa mental na kalusugan.

**MAGPLANO** para sa hinaharap nang magkaroon ka ng kontrol sa sarili mong buhay at pera sa pamamagitan ng ang isang safety plan, healthcare power ng abogado, financial power ng abogado, at will.

### Humingi ng Tulong

Tawagan ang **9-1-1** para sa mga emergency para makakuha ng agarang tulong.

Tawagan ang **9-8-8** para sa **Veterans Crisis Line** (24/7 confidential crisis support) o **1-800-273-TALK** (1-800-273-8255), www.veteranscrisisline.net.

Puwede mong tawagan ang **VA Office of the Inspector General** sa **1-800-488-8244**, o mag-email sa vaoighotline@va.gov para mag-report ng scam.

Para sa higit pang serbisyo, tawagan ang Elder Fraud Hotline sa **1-833–372–8311** (English/Español/+)

Bisitahin ang Elder Justice Website **elderjustice.gov**

DEPARTMENT OF JUSTICE Elder Justice INITIATIVE